

Pagpapatala para sa lokal na halalan 2019

Sa panahon ng lokal na halalan, nagpapasya tayo kung sino ang kakatawan sa atin sa mga konseho at lupong pangkalusugan natin. Ang sinumang rehistradong botante ay maaaring bumoto sa lokal na halalan. Isasagawa ang halalan sa pamamagitan ng postal na botohan sa Oktubre ngayong taon.

Ang halalan ay para sa mga konseho ng lunsod at ng distrito, pang-rehiyong mga konseho at Mga Lupong Pangkalusugan ng Distrito (District Health Board). Sa ilang mga bahagi ng New Zealand, ang mga halalan ay gaganapin din para sa mga lupong panglokal at pangkomunidad, mga katiwalang para sa paglilisensiya at para sa ilang iba pang mga organisasyon.

Kailangan ay nakapagpapatala kayo upang makaboto at mapakinggan kayo sa lokal na halalan.

Maaari kayong magpapatala upang makaboto kung kayo ay 18 taong gulang pataas, mamamayan o permanenteng residente ng New Zealand, at kung tumira kayo sa New Zealand nang tuluy-tuloy sa loob ng mahigit isang taon sa isang punto ng buhay ninyo.

Upang matiyak na maraming tao hangga't maaari ang nakapagpapatala nang nasa oras upang makaboto, ang lahat ng taong kasalukuyang rehistradong makaboto ay papadalhan sa mail ng update pack para sa pagpapatala mula Hunyo 29. Ang tanging gagawin lamang ninyo ay ang suriin kung wasto ang mga detalye ninyo. Kung wasto ang mga iyon, hindi na ninyo kailangan pang gumawa ng kahit na ano. Kung mayroong anumang kailangang isapanahon o baguhin, gawin ang mga kailanganga baguhin at ipadala kaagad pabalik sa amin ang mga iyon.

Kung hindi kayo makakatanggap ng pack pagsapit ng Lunes, Hulyo 8, nangangahulugan itong hindi kayo nakapagpapatala upang makaboto o hindi updated ang inyong mga detalye. Upang makapagpapatala o ma-update ang inyong mga detalye, kakailanganin ninyong punan ang isang bagong form para sa pagpapatala. Pumunta sa **vote.nz** o **tumawag sa 0800 36 76 56** upang humiling ng form na ipapadala sa inyo.

Ang halalan ay pinapatakbo ng mga lokal na konseho at sa huling bahagi ng Setyembre, magpapadala sila ng mga papeles para sa pagboto sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng rehistradong botante.

Kung hindi pa kayo nakapagpapatala pagsapit ng Biyernes Agosto 16 hindi na kayo makakakuha pa kahit kailan ng inyong mga papeles para sa pagboto na ipinadala sa inyo sa pamamagitan ng koreo. Kung magpapatala kayo pagkatapos ng petsang ito, kakailanganing humiling kayo ng mga espesyal na papeles para sa pagboto mula sa inyong opisyal ng konseho para sa lokal na halalan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagpapatala upang makaboto, pumunta sa **vote.nz**

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagboto sa lokal na halalan, pumunta sa **vote2019.co.nz**

